Iba't Ibang Mapagkukunan ng Tingga:

May Tingga ba sa Loob o Labas ng Inyong Bahay?

Hindi mo makikita ang tingga, ngunit maaaring naroroon ito sa maraming lugar sa loob at labas ng inyong bahay. Mapanganib ang tingga at puwedeng makapinsala, lalo na sa mga bata. Nangyayari ang pagkalason mula sa tingga kapag nalunok o nasinghot ang tingga. Maraming bata na nagkaroon ng pagkalason sa tingga (lead poisoning) ay hindi mahahalata o kumikilos na may sakit.

Makikita ang tingga:



Sa luma at natutuklap na pintura



Sa tradisyonal na makeup, tulad ng kohl, surma, o sindoor

Sa alikabok ng bahay

Sa mga panlunas gaya ng azarcon, greta, o pay-loo-ah

Sa lupa

Sa mga bala at bingwit sa pangingisda (fishing sinker)



Sa ilang pagkain, kendi, at spices mula sa labas ng USA

Sa mga pinggan at kawali

Sa iyong buhok, balat, sapatos, at mga damit kung mayroong tingga sa mga ginagamit mo

Sa polusyon sa hangin sa paligid ng mga paliparan at pang-industriyang lugar



Sa mga laruan at alahas

Ilayo ang inyong anak mula sa mga bagay na ito at tanungin ang kanyang doktor tungkol sa pagsusuri para sa tingga. Ang tanging paraan para malaman kung may lead poisoning (pagkalason sa tingga) ang inyong anak ay ang ipasuri ang dugo ng inyong anak para sa tingga. Ang karamihan sa mga bata ay nasusuri sa 1 at 2 taong gulang at ang ilang bata na higit 2 taong gulang ay kailangan ding masuri.

CDPH
California Department of Public Health

go.cdph.ca.gov/LeadFreeKids

Para sa paggamit ng ahensya: Pakilagay ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan dito

Agosto 2024 · © 2024, California Department of Public Health